2 Planned bombing on Negros natural park foiled
4 Pagsasabansa sa industriya ng pagmimina, susi sa sustenableng industriyalisasyon
7 The Green Guerillas: defenders of the people and the environment

Agham Bayan
AGHAM AT TEKNOLOHIYA PARA SA MASA

August 2022 | Published by the Liga ng Agham para sa Bayan | 2022 Vol. 2 No. 1




# Scientists and technologists, engineer the downfall of the US–Marcos II regime!

The 2022 National Elections is the dirtiest in recent history, with widespread and systematic cheating, leading to illegitimate results. The Marcos-Duterte regime was born from a rigged election founded on electoral fraud and deceit both online and on-ground. Onground, rigging was done through the use of untrustworthy, foreign-controlled and questionable automated elections system. It weaponized science and technology (S&T) with the lack of transparency of the programming of vote-counting machines (VCM) which amounted to 1,318 reports of VCM error on the day of elections.

The disinformation campaign by the Marcos-Duterte camp was used to hide the crimes of the Marcos family in the Martial Law era and erase the history of the revolutionary masses that organized and mobilized the ousting of the dictator Ferdinand Marcos Sr. The camp sought to distort historical records, spreading lies and using social media troll farms funded by their ill-gotten wealth. Worst of all, their disinformation campaign helped the return of the Marcos clan to the highest seat of reactionary power, with the previous-ruling Duterte clan still maintaining massive influence holding the vice-presidency.

**cont. to page 2**

CONTENTS

1 Scientists and technologists, engineer the downfall of the US-Marcos II regime!

2 Planned bombing on Negros natural park foiled

3 Online security keeps fascists away

4 Pagsasabansa sa industriya ng pagmimina, susi sa sustenableng industriyalisasyon

6 Biguin ang Pagbuhay sa Bataan Nuclear Power Plant ni Marcos!

7 The Green Guerillas: defenders of the people and the environment

8 Tungo sa kanayunan

Agham Bayan

*Agham Bayan is published by the Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) for the purpose of raising the political and social consciousness of Filipino scientists and technologists regarding the issues and problems affecting Philippine science and society. It is committed to the promotion and use of science in the service of the Filipino nation and people. It espouses the cause of national freedom and democracy.*

# Scientists and technologists, engineer the downfall of the US-Marcos II regime!

cont. from p1

As the Marcos-Duterte regime begins, the economic crisis worsens, destructive projects proceed, and fascist attacks and human rights violations continue. In Marcos' state of the nation address, he gave no concrete policy or action to address these issues, or the problems of semi-colonial and semi-feudal Philippine society. In fact, he announced the same neoliberal policies and actions meant to preserve the ruling system and aggravate the current crisis.

We cannot expect any development in the state of our S&T under Marcos II. Rather, this regime promises to be a continuation of the past six years of tyrannical rule. Marcos II claims that he will improve S&T education, yet there is no increase in the budget for education, and the K-12 system remains. He claims to want to develop the country's industry, yet there are no programs for national industrialization and our labor export policy remains. He claims to want to improve agriculture, appointing himself as the Department of Agriculture, yet makes no plans for genuine agrarian reform, and no plans to remove the Rice Tarrification Law. He claims to want to improve the energy situation and make it sustainable but plans to revive corruption-ridden, defective Bataan Nuclear Power Plant.

The son promises a return to the Golden age, but it will be a return of the Marcosian-level plunder, state terrorism and exploitation of his father. If Marcos II truly wants to relive the past, then we will do just as our predecessors did 30 years ago against the first Marcos dictatorship. Today's revolutionary scientists, technologists, and engineers, along with all the Filipino people, resolve to engineer the downfall of the US-Marcos II regime!

Liga ng Agham Para sa Bayan (LAB) calls on all S&T professionals and students to reject the Marcos II regime and use their knowledge and expertise to fight for their democratic rights and the genuine development of our country. We must uphold a nationalist, scientific and mass-oriented culture. We must prevent disinformation and historical distortion through effective and creative propaganda. It is our task to campaign for fact-based education to build a militant, defiant, revolutionary culture among the masses.

We must campaign against the fascist rule and defend the rights of the people and help to defeat the efforts of the reactionary government to crush the revolutionary movement. Members of LAB must lead and inspire all progressive scientists to take active part in the Filipino people's resistance against Marcos II's regime and join LAB and the revolutionary forces.

It is our task to expose and oppose his anti-people policies and strengthen the organization in working towards rejecting Marcos II's illegitimate rule. We must arouse, organize and mobilize in all areas where the S&T worker, students and the people is and to integrate among the masses where issues of the people are. We must strengthen campaigns with concrete gains for the masses, linking and raising their concerns as part of the fight against the world capitalist crisis, against imperialism, feudalism, bureaucrat capitalism, and the backwardness of S&T.

To build an even stronger support for the armed struggle, it is necessary to have stronger mass work and programs to build political readiness of our members, ultimately towards direct participation by joining the people's army in the countryside. It is with the spirit of unwavering commitment to carry forward until victory the national democratic revolution with socialist perspective that LAB behests, Engineer the Downfall of the US-Marcos II Regime! Advance the National-Democratic Revolution!

# Planned bombing on Negros natural park foiled

Revolutionary scientist organization Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) condemned the plan of the 79th Infantry Battalion of the Armed Forces of the Philippine (AFP) to conduct aerial strikes at the Mandalagan Mountain Range, a portion of the Northern Negros Natural Park (NNNP). The Roselyn Jean Pelle Command of the New People's Army (NPA) reported that the sitios of Tinibiangan, Ekogan, Nabaisan, Calanugan, Victory and Yamingon in Barangay Minapasuk in Calatrava, Negros Occidental were the target areas of AFP. Such plan, however, was immediately foiled after environmentalists and the Negrense people clamored for it to be stopped. It was also reported that the Department of Natural Resources and Environment (DENR) declared that the bombing would endanger the NNNP's biodiversity in the Marapara Mountains.

"We denounce the AFP's plan to destroy our forests and communities," decried Ka Trinidad Ramirez, LAB spokesperson. "The NNNP is a Key Biodiversity Area recognized by the International Union for the Conservation of Nature (IUCN), Philippine Biodiversity Conservation Priority-setting Program, and the United Nations Sustainable Development Goals Nos. 14 & 15. This area is home to the Visayan spotted deer, Visayan warty pig, Philippine naked-backed fruit bat and the endangered Negros shrew. Moreso, a lot of peasant communities will be displaced. Such plans to bomb the area is not only a crime to the environment but also to communities that depend on NNNP's natural resources for the sustenance and livelihood."

Since 2017, the AFP dropped more than a thousand bombed, 591 from air and 589 via cannons. Around 74 series of strafing have also been reported from 2017 until July 15 this year. Ramirez further assailed the AFP's long record of environmental crimes and human rights violations. "The AFP, together with the Philippine National Police (PNP) has become instruments of imperialists, landlords and compradors in destroying our environment. They harass and displace indigenous people and peasant communities to pave the way to foreign mining, agro-plantations, and mega dams that destroy our mountains and rivers. They've already killed hundreds of environmental defenders. They've also indiscriminately bombed Red fighters and civilian communities alike, a clear violation on the international humanitarian laws. Just last year, fires have engulfed the mountains of Bukidnon when the AFP dropped at least three tons of bombs, including four 500-lb bombs that repeatedly shook the ground."

According to a report from Ang Bayan, 82% of bombings perpetrated by the AFP did not have a clear target, which resulted to the deaths not only of civilians and Red fighters but also of AFP soldiers. Ironically, more AFP soldiers were killed and wounded than NPA fighters. From 2017 to July 2022, a total of 68 and 22 AFP and PNP personnel were killed and wounded, respectively, while only 66 and 15 NPA fighters were killed and wounded, respectively. In additions, 10 and four civilians were killed and wounded, respectively. "This only shows that the AFP has no regard for human life," Ramirez remarked.

"Environmental degradation and climate conditions will further worsen as long as the AFP and PNP continue on being instruments of the ruling class. These bombings will result to the increased carbon emissions that will worsen the climate crisis being experience by vulnerable sectors. The only way to stop this is to fight our oppressors head on by joining the national democratic revolution. Siyentista ng bayan, sumapi sa NPA!" ended Ramirez.

# ONLINE SECURITY KEEPS FASCISTS AWAY

In this time of heightened political suppression, how can revolutionaries like us keep our work online safe from state surveillance and cyberespionage?

### Encrypt your files

Store your files and keep anyone without your permission from accessing it through encryption

### Use VPN and end-to-end encrypted communication

These ensure that only you and people you talk to can see or hear messages and meeting audio

### Avoid malicious sites and apps

Faceapp, or other games on FB can access and pry on your personal info, which can be used against you

### Use strong passwords

Make your passwords long and hard to decipher. Do not put personal info such as birthdays, in your password

## Some apps and sites to use

### Signal

A messaging app that offers end-to-end encryption for calls and messages alike

### Protonmail

An easy to use email service that also provides automatic end-to-end encryption for emails

### Veracrypt

A messaging app that offers end-to-end encryption for calls and messages alike

# Pagsasabansa sa industriya ng pagmimina, susi sa sustenableng industriyalisasyon



**MULA BUNDOK HANGGANG DAGAT**. Malaking pinsala ang dinulot ng mga dambuhalang minahan sa Claver, Surigao del Norte kaya naman pinasara ang mga ito ni dating DENR Secretary Gina Lopez.

Maputik at kulay kahel na ilog at dagat ang tumambad sa mga residente ng Babaybanay, Davao Oriental matapos umapaw ang mga siltation pond ng Riverbend Consolidated Mining Corp./Arc Nickel Resources, Inc. (RCMC/ANRI), isang kumpanyang nagmimina ng laterite, sa kasagsagan ng malakas na pag-ulan noong Enero nitong taon. Malaking dagok ang dinulot ng pangyayaring ito sa mga residente at mangingisda. Sa mga ilog sila kumukuha ng tubig sa pang-araw-araw na pangangailangan at sa dagat naman sila umaasa ng pagkain at hanapbuhay. Ang nangyari sa Banaybanay ay isa lamang sa mahabang listahan ng pagkasira ng kalikasan na dulot ng dambuhala at dayuhang pagmimina.

**Ang neoliberal na pagmimina sa Pilipinas.**

Mahalaga ang industriya ng pagmimina upang paunlarin ang ating bansa. Ang Pilipinas ay panglima sa pinakamineralisadong bansa sa buong mundo, kung saan ang reserbang ginto, pilak, copper, nickel at zinc ay nagkakahalaga ng isang trilyong dolyar. Magagamit ang mga mineral na ito para tunguhin ang pambansang industriyalisasyon sa bansa. Ang mga angking mineral natin ay maaring gamitin sa pagtatayo ng mabibigat na mga industriya na siyang lilikha ng mga makina upang suportahan ang paglikha ng mga magagaang industriya at modernisasyon ng agrikultura bilang base ng ating ekonomya.

Subalit, sa bisa ng mga neoliberal na patakaran tulad ng Mining Act of 1995, nasasagkaan ang pag-industriyalisa ng Pilipinas. Layunin ng mga burgesya kumprador at ng kanilang imperyalistang amo na manatiling tambakan ng sobrang kapital at produkto ang bansa habang tagaluwas ito ng murang hilaw na materyales tulad ng ginto at iba pang mineral. Sa kanilang mga patakaran, ang pagmamay-ari ng mga malalaking minahan sa bansa ay napunta sa mga dayuhang korporasyon. Ang mga naminang mineral ay inexport sa halip na linangin dito sa ating bansa. Ang mga makina at iba pang produktong yari sa mineral ay inimport pabalik sa Pilipinas. Ang pagiging export-oriented at import-dependent ng isang bansang tulad ng Pilipinas ay isang malaking kabalintunaan.

Ayon sa pinakahuling tala, aabot sa 303 mineral production sharing agreements (MPSA), anim (6) na financial or technical assistance agreements (FTAA), at 45 exploration permits na ang naibigay na ng Mines and Geosiences Bureau (MGB) ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa iba't ibang korporasyon na pawang pagmamay-ari ng mga dayuhang kumpanya, lokal na mga burgesya komprador o joint venture ng dalawa.

Ayon sa huling tala, umabot sa 102.3 bilyong piso ang naging kontribusyon ng pagmimina sa gross domestic product (GDP) ng bansa noong 2020. Katumbas ito ng 0.6% GDP growth ng taong iyon. Sa kabila nito, hindi nararamdaman ng mismong mga komunidad sa paligid ng mga minahan ang kapakinabangan sa likas-yaman na dapat sana ay tinatamasa nila. Isa malaking delusyon na mayroong responsableng pagmimina sa ilalim ng kapitalistang produksyon kung saan pinapahalagahan ang pagkamal ng supertubo mula naminang mineral kapalit ng kapahamakan ng mga mamamayan at kalikasan.

Sa Nueva Vizcaya, inirereklamo ng mga residente na naapektuhan ang kanilang tubig na iinumin dahil sa operasyon ng mga minahan. Sa Mindanao naman, pilit na pinapalayas ng mga military ang mga katutubong

Lumad mula sa kanilang mga lupang ninuno upang magbigay daan sa mga korporasyon na magmina at sirain ang kalikasan. Daan-daang paaralan ng mga Lumad ang pinasara sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Pinagpapaslang din ang mga guro at estudyante ng mga paaralang Lumad, tulad ni Angel Rivas noong Hunyo 2021 at Teacher Chad Booc at Teacher Jurain Ngujo noong Pebrero nitong taon lamang.

Dulot ng walang habas na pagpapalayas sa mga katutubong Lumad sa kanilang mga lupang ninuno, nagiging bulnerable ang kalikasan sa pagkasira dulot ng pagmina. Bukod sa siltation na nangyari sa Davao Oriental noong Enero 2022, marami nang kaso ng pag-apaw ng lupa sa dagat dulot ng iresponsableng pagmimina lalo na sa Surigao del Norte. Bukod sa pagmimina sa mga kabundukan, naging tampok din nitong nakaraang mga taon ang isyu ng offshore mining sa Lingayen Gulf na pinangangambahang makakaapekto sa lokal na produksyon ng pangisdaan at akwakultura ng bangus sa probinsya ng Pangasinan at La Union.

Noong 2016, naging maugong ang usapin sa pagmimina matapos ipasara ng makakalikasang DENR Secretary Gina Lopez ang Claver Mineral Development Corporation (CMDC) na sumira sa mga kabundukan, dalampasigan at karagatan ng Surigao del Norte. Bukod dito, umabot sa 26 minahan ang pinasara niya sa kanyang maiksing panunungkulan. Sa kabila ng inisyal na tagumpay na ito, nagkaisa ang mga burgesyang kumprador sa pagmimina at burukrata kapitalista sa Rehimeng Duterte upang patalsikin sa gobyerno si Sec. Gina Lopez. Sa huling taon ng rehimeng US-Duterte, ipinawalang-bisa ni Duterte ang moratoryum sa mga bagong kasunduan sa pagmimina at ang pagbabawal sa open-pit mining. Ang mga hakbang na ito ay manipestasyon ng pagpapakatuta ni Duterte sa mga dambuhalang minahan.

Sa unang buwan ng rehimeng US-Marcos II, inihayag ni Marcos Jr. ang kanyang planong palaguin ang industriya ng pagmimina sa balangkas pa din ng neoliberal na patakaran. Mas paiigtingin ni Marcos Jr. ang pagmimina sa bansa sa pamamagitan ng mas maraming pribilehiyo at insentibo sa mga dayuhan at pribadong korporasyon. Lalong makikinabang ang mga crony at alyado ni Marcos Jr. na nagpondo ng kanyang kampanya noong nagdaang eleksyon. Isa sa mga tiyak na makikinabang ay si Gilbert "Gibo" Teodoro, dating Defense Secretary noong rehimeng US-Arroyo at kasalukuyang tagapangulo ng Sagittarius Mines Inc. Noong Mayo nitong taon, inanunsyo ang muling pagbukas ng minahan sa Tampakan, South Cotabato, bagay na inalmahan ng mga katutubo at residente ng South Cotabato at maging ng mga taga-General Santos City.

**Paano sinusulong ng LAB at NDFP ang pagmimina sa bansa.**

Susi para sa tunay na pag-unlad ng Pilipinas ang pambansang industriyalisasyon. Ito ang isa sa nilalaman ng Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER) na binuo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na hinain sa usapang pangkapayapaan sa gobyernong Duterte. Ang Liga ng Agham para sa Bayan (LAB), na miyembro ng NDFP, ay nagsusulong ng pambansang industriyalisasyon at nagnanais na pawiin ang kontrol ng mga imperyalista at lokal na mga komprador burgesya sa industriya ng pagmimina, at isasabansa ang pagmamay-ari ng mga minahan. Nasa programa ng NDFP ang pagbabago ng oryentasyon ng produksyon mula sa pagiging export-oriented at sa halip iaayon ito base sa pangangailangan ng bansa. Kapag ang produksyon ay nakaayon lamang sa pansariling pangangailangan, maiiwasan ang sobra-sobrang pagmina ng mga mineral na nakakasira sa kalikasan. Dagdag pa dito, bibigyan ng pagkakataon ang mga katutubo na magkaroon ng pansariling pagpapasya sa kalakaran ng pagmimina sa kanilang lupang ninuno upang maiwasan ang mga kontradiksyon sa pagpapaunlad ng bansa at pangangalaga sa kalikasan. Kapag nagkaroon na ng pansarili at sustenableng industriya ng pagmimina ang Pilipinas, makakaya na nitong maglikha ng mga mabibigat at magagaang industriya para sa pagmekanisa ng agrikultura na magdudulot ng mas mataas na produktibidad. Kapag nagawa ito, masusuportahan ng Pilipinas ang lokal na produksyon sa pagkain at iba pang industriya na hindi na aasa sa suplay ng produkto sa ibang bansa.

Sa kasalukuyan habang hindi pa ito nagagawa, pinagbabawal ng NDFP, CPP at NPA sa kanilang mga rebolusyonaryong teritoryo ang dambuhalang pagmimina. Pinaparusahan ng NPA ang mga korporasyon lumalabag sa mga patakaran sa pangangalaga ng kalikasan at karapatan ng mga mamamayan. Ito ay isa lamang sa mga pamamaraan ng mga rebolusyonaryong tagapagtanggol ng kalikasan upang pigilan ang mapandambong na pagmimina ng mga malalaking korporasyon habang natitiyak na makokonserba ang natitirang yamang mineral na magagamit ng mga mamamayan sa pagpapa-unlad ng bansa at sa kanilang pangangailangan.




**ITIGIL ANG OPEN PIT MINING!** Nagprotesta ang mga makakalikasan, taong simbahan at mga mamamayan laban sa pagbubukas ng open pit mining sa Tampakan, South Cotabato noong Hunyo 2022.

# Biguin ang Pagbuhay sa Bataan Nuclear Power Plant ni Marcos!




**Nukleyar na planta.**

Ang nukleyar na teknolohiya ay ang paggamit ng enerhiya na nagmula sa paghihiwalay ng mga atomika ng ilang partikular na elemento. Ang teknolohiyang ito ay unang pinundar ng mga imperyalista para gamitin sa kanilang pakikidigma. Noong 1950's pinaunlad ito para sa paglikha ng elektrisidad. Nagsaliksik, pinaunland at ginamit din ng mga dating sosyalistang bansang Unyong Sobyet at Tsina ang teknolohiyang nukleyar. Mula 1960's ang nukleyar na planta ay komersyal na ginamit para sa paglikha at pagsuplay ng kuryente. Sampung porsyento (10%) ng elektrisidad sa mundo ngayon ay nanggagaling sa mga plantang nukleyar.

Bagama't napapakinabangan ang teknolohiyang nukleyar, may dala-dala itong malaking panganib. sa buhay at kaligtasan ng mamamayan at kalikasan. Ang sakuna ng Chernobyl, Ukraine noong April 26 1986 at ang sakuna sa Fukushima, Japan noong March 11, 2011. Sa Chernobyl, mahigit sa 30 katao ang agad na namatay at mapahanggang ngayon ay nararanasan pa rin ang mga negatibong epekto sa kalusugan tulad ng kanser. Sa Fukushima Prefecture, kung saan nangyari ang sakuna dulot ng lindol, tsunami, at pagkasira ng plantang nukleyar noong Marso 2011, naitala ng gobyerno ng Japan ang hindi bababa sa 2,180 ang mga biktimang namatay dahil sa sakuna.

Patuloy pa rin ang pagtatayo at operasyon ng mga nukleyar na planta sa iba't ibang bahagi ng mundo. Matagal nang pinipilit ibenta ng mga imperyalista at kapitalistang bansa ang nukleyar na planta sa mga kolonya at malakolonya bansa upang pagkakitaan. Nangunguna dito ang mga imperyalistang bansang US, Tsina at Rusya.

**BNPP mapanganib at batbat ng korupsyon**

Noong diktaduryang Ferdinand Marcos nagsimula ang proyektong Bataan Nuclear Power Plant (BNPP) noong binigyan nya ang kontrata ng monopolyo kapitalistang Westinghouse noong 1974 sa halagang US$500 milyon. Makalipas ng isang taon ang budget nito ay naging US$1.2 bilyon hanggang noong ito ay maihinto ang nagastos ay US$2.3 bilyon. Lahat ng ito ay utang na binayaran ng mga mamamayan kahit walang pakinabang na nakuha sa BNPP. Pangunahin kumita dito ang pamilyang Marcos at ang kanilang mga kroni.

Simula ng itinayo ang BNPP noong 1976, agad na nakita ang mga depekto tulad ng mababang kalidad ng mga materyales na ginamit, palpak na disenyo at istruktura para sa ligtas at maayos na operasyon, at ang delikadong lokasyon ng planta na malapit sa mga bulkan at earthquake faults.

Nagkaroon ng mga malalaking protesta sa probinsya ng Bataan at sa rehiyon ng Central Luzon. Itinayo ang mga malalawak na alyansa tulad ng Nuclear Free Philippines Coalition (NFPC) at Network Opposed to BNPP. Pinakamalaki at makasaysayang protestang nagawa ay ang "Welgang Bayan Laban sa Plantang Nukleyar" noong June 1985 kung saan mahigit sa 33 libong mamamayan ang lumahok. Sa malakas na pagtutol at pagkilos ng mga mamamayan sa Bataan at buong bansa, napwersang ipatigil ang proyektong BNPP noong 1986.

Subalit gustong buksan pa din ito ng mga malalaking burgesya kumprador at burukrata kapitalista. Sa ilalim ng bagong rehimen ni Presidente Bongbong Marcos, muling binubuhay ang BNPP. Sagot daw sa kakulangan ng suplay ng enerhiya at magbibigay ng murang singil sa kuryente. May propaganda din na ito ang magpapababa ng emisyon at polusyon ng bansa sa pakanang "renewable energy" bilang isang solusyon sa pagbabago sa klima. Ito ang mga hokuspokus at panlilinlang na ginagawa ng Rehimeng US-Marcos para itulak ang BNPP.

**Paglaban sa BNPP ni Marcos**

Kinakailangan ang mahigpit na paglaban sa pagbuhay ng BNPP. Bukod sa nakaambang panganib nito sa buhay, kabuhayan, at kaligtasan. Kung matutuloy ito, tiyak na dagdag na pahirap ito sa mamamayan. Malaking kaban ng yaman ang gagastusin upang buhayin ang BNPP na muling manggagaling sa pawis at buwis ng mga mamamayan. Bilyon-bilyon ang nanakawin ng pamilyang Marcos at ng kanilang alipores.

Kasinungalingan ang BNPP ang solusyon sa problema ng enerhiya sa bansa. Nananatiling sapat ang suplay ng kuryente at rekursong enerhiya sa bansa, batay sa mga pag-aaral, dahil sa ating likas-yamang enerhiya tulad ng solar, hydro, wind, geothermal, at iba pa upang tugunan ang ating kasalukuyan at hinaharap na pangangailangan. Ang mga teknolohiya na kinakailangan ay kaya nating kamtin at gamitin para linangin ang ating mga rekursong enerhiya upang bigyan ng mura, sapat, malinis at sustenableng kuryente ng mga mamamayan.

Ang ugat ng krisis ay ang monopolyo ng mga dayuhan at pribadong korporasyon sa industriya ng enerhiya at kuryente sa bansa. Ito ang dahilan kung bakit sa kabila ng sobrang suplay at mayamang rekurso, ang serbisyo sa kuryente sa bansa ay napakamahal. Patuloy na dinidikta ng mga imperyalistang bansa at ng kanilang mga dambuhalang korporasyon na manatili ang ating industriya ay nakadepende

**cont. to page 8**

# The Green Guerillas: defenders of the people and the environment



Over the past years, the New People's Army (NPA) have scored numerous victories for the Philippine Revolution, in the face of continued offensives from the reactionary government. While their work in armed struggle, agrarian revolution, and mass base-building in the countryside has garnered much attention and popular support, there is also much to be said about the NPA's contribution to ecological conservation — a style of conservation that takes place alongside, rather than separate from, waging the people's war.

**Opposing ecological plunder**

While the reactionary Armed Forces of the Philippines delights itself in indiscriminate bombings that wreak havoc on local communities and ecologies, along with the protection of the business interests of imperialists and local compradors, the NPA have a markedly different approach. In NPA practice, environmental concerns are intricately linked with social well-being, and in recent years, there have been several tactical offensives and punitive actions launched with this understanding in mind.

In August 2018, two separate NPA attacks in Agusan del Norte and Rizal crippled mining and quarrying operations of the companies The Ark Green Dynamic Resources Corporation and Monte Rock Corporation. The reason behind the punitive action against the Monte Rock Corporation in Rizal was, according to the local NPA unit, years of quarrying that led to worsening floods in the area.

Another attack in January 2019 targeted another destructive mining company, Pilipinas Eco-friendly Mining Corporation, based in Negros Oriental. Despite the company name, its open-pit mining operations were impacting local farming communities as it was "poisoning" nearby water sources. The punitive action ended up causing over PHP 100 million in damages.

Several other actions in 2020 and 2021 have also targeted construction projects directly connected to mines, as well as military units protecting these interests. While these examples only document actions around mining in particular, in general they provide a glimpse into the NPA's militant ecological outlook in practice.

**Promoting sustainable alternatives**

Aside from tactical offensives and punitive actions, the people's army has also explored other ways of expanding their initiatives for the environment.

During the height of the COVID-19 pandemic, NPA units in the Southern Tagalog region have provided advice to communities regarding the use of solar energy in the context of local energy scarcity in the countryside. This was done to help parents and their children in the context of the "remote learning" situation brought about by the government-imposed lockdown.

The NPA have also seen the importance of raising awareness among its membership around climate issues. As early as 2014, as reported in the Communist Party of the Philippines's official newsletter, Ang Bayan, NPA units have held internal discussions around the urgent issue of climate change.


**Fighting for a green and just future**

In the face of climate and ecological collapse, the New People's Army has been a steadfast champion of social and environmental change for the good of the Filipino people and the peoples of the world.

The National Democratic Front of the Philippines (NDFP), the alliance of revolutionary organizations including the NPA, has also provided a positive framework for ecological action in the programs laid out in the Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER). It follows NDFP's 12-point program that aims for a self-reliant and progressive economy. Protection of the environment is among the main objectives of the CASER; its provisions for national industrialization specifically mention considering and guarding against environmental degradation. An entire section of the CASER is also devoted to elaborating on the NDFP's proposal for environmental management and rehabilitation.

As ecosystems, and the peoples belonging to them, around the world face greater challenges under imperialism, the Filipino people must continue to push forward in support of the revolution towards the only viable alternative to the destructive status quo: national democratic liberation with a socialist perspective.

# Tungo sa Kanayunan





## Biguin ang Pagbuhay sa Bataan Nuclear Power Plant ni Marcos!

cont. from p.6

sa kapital, teknolohiya at materyales na nagmumula sa kanila para matiyak ang pagkuha ng supertubo.

Kailangan isulong natin ang pagsasabansa ng industriya ng enerhiya at kuryente, kasabay ng pagigiit ng pambansang industriyalisasyon. Kasabay nito ang pag-giit natin sa pag-aaral at paggamit ng malinis at makabagong teknolohiya na kapakipakinabangan at ligtas para sa mamamayan at kalikasan.

Hangga't hindi nababago ang kaayusang malakolonyal at malapyudal ng Pilipinas patuloy na gagamitin ang mga teknolohiyang at likas yamang enerhiya para sa kapakinabangan ng mga lokal na naghaharing uri at dayuhan at hindi para sa mamamayan. Sa paglulubos ng pambansang demokratikong rebolusyon at pagtatayo ng isang demokratikong gobyerno ng mamamayan sa Pilipinas lubos nating magagamit ang mga likas-yaman at teknolohiya para sa pangangailangan ng bansa at mamamayan. Ano mang teknolohiyang gagamitin ay dapat nakabatay sa kapasyahan at kagalingan ng mamamayan, pagprotekta ng kalikasan, at kinabukasan ng susunod na henerasyon.



**ACROSS** (2) anak ng diktador, bagong tuta ng US (4) pagkuha ng yamang mineral (6) mga frontliner sa pagdepensa ng kagubatan at kabundukan (8) paggamit ng kaalaman sa syensa para sa praktikal na gawain (10) pangunahing ahensya ng gobyerno na nagbebenta ng ating likas yaman **DOWN** (1) paraan ng paglinang ng likas na yaman para sa seguridad ng pagkain (2) nukleyar na proyekto na mapanganib at batbat ng korupsyon (3) pasilidad ng gas at oil extraction sa Palawan (5) rekursong enerhiya nanagmumula sa karbon (7) kasalukuyang nagbabago dulot ng pagsunog sa fossil fuels (9) pangunahing ahensya ng gobyerno na nagpapahirap sa mga katutubo (10) teknolohiya sa pag-iimbak ng tubig industriya

# Call for Submissions

*Inaanyayahan namin ang mga syentista na mag-ambag ng kanilang mga sulatin, artikulo, tula, dibuho sa Agham Bayan. Maaari ninyong ipadala sa editorial board sa email na* **aghambayan@protonmail.com**